

كتاب الأذكار. تجالوج

Ang Aklat ng Mga Dhikr



جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦. فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

12

Ang Aklat ng mga Dhikr

كتاب الأذكار – اللغة الفلبينية



جمعية الدعوة والإرشاد ونوعية الجاليات في الزلفي

Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

كتاب الأذكار

أعدده وترجمه إلى اللغة الفلبينية
جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي
الطبعة الرابعة: ١٤٤٢/٦ هـ.

ح) شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤١٥ هـ
فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

شعبة توعية الجاليات بالزلفي
كتاب الأذكار - فلبيني، شعبة توعية الجاليات
بالزلفي

٣٩ ص؛ ٨ × ١٢ سم

ردمك: ٢ - ٠٠ - ٨١٣ - ٩٩٦٠

(الكتاب باللغة الفلبينية)

١- الأذعية والأذكار أ. العنوان

١٥/٢٨٥٦

ديوي ٢١٢

رقم الإيداع: ١٥/٢٨٥٦

ردمك: ٢ - ٠٠ - ٨١٣ - ٩٩٦٠

Mga Nilalaman

Gabay sa Pagbigkas.....	5
Mga Daglat	8
Ang Kahalagahan ng Dhikr at Du‘á’	9
Mga Dhikr sa Umaga at Gabi.....	11
Panalangin Pagkagising.....	11
Du‘á’ Bago Pumasok sa Palikuran.....	31
Du á’ Pagkalabas sa Palikuran	32
Dhikr Bago Magsagawa ng Wudú’	32
Dhikr Matapos Magsagawa ng Wudú’ ..	33
Dhikr Kapag Lalabas sa Bahay	34
Dhikr Kapag Papasok sa Bahay	35
Dhikr Kapag Papasok sa Masjid.....	36
Dhikr Kapag Lalabas sa Masjid	37
Dhikr Kapag Narinig ang Adhán.....	38
Mga Dhikr Bago Matulog	40
Du‘á’ Bago Matulog.....	42
Du‘á’ Kapag May Napanaginipan.....	44

Du‘á’ Bago Kumain	47
Du‘á’ Matapos Kumain	48
Du‘á’ Bago Magsagawa ng Iftár	48
Du‘á’ Kapag Bumahin o May Bumahin	49
Du‘á’ Para sa May-sakit	51
Du‘á’ ng Dinapuan ng Kasawiang-palad	.51
Du‘á’ Kapag Nakarinig ng Kulog	52
Du‘á’ Kapag Bumuhos ang Ulan	53
Du‘á’ Para sa Bagong Kasal.....	54
Du‘á’ Bago Magtalik.....	54
Du‘á’ Pagkatapos Magtipon.....	55
Du‘á’ Kapag Nakasakay sa Sasakyan ...	56
Du‘á’ Habang Naglalakbay	57
Du‘á’ sa Pagtigil sa Isang Lugar	61
Du‘á’ sa Namatayan	62

Gabay sa Pagbigkas

Ang pamamaraan ng pagtutumbas-tunog o tranliterasyon na gagamitin sa aklat na ito ay hindi nangangakong makatutumbas sa lahat ng tunog sa alpabetong Arabe. Gayunpaman inasahang makatutulong ito upang mailapit sa tama ang pagbigkas ng mga kataga at mga katawa-gang Arabe na gagamitin sa aklat na ito. Hindi tatalakayin ang mga titik Arabe na may katum-bas sa Tagalog. Ang pinagsamang dalawang pati-nig o *digraph* ay sumisimbolo sa iisang tanging tunog. Halimbawa ang *sh* ay iisang tanging tunog at hindi kombinasyon ng tunog ng *s* at *h*.

- A** Maiksing **a** gaya ng **a** ng **ako** at *damo*
- I** Maiksing **i** gaya ng **i** ng **ikaw** at *nila*
- U** Maiksing **u** gaya ng **u** ng **ulan** at *buto*
- Á** Mahabang **á** gaya ng **a** ng **akin** at *kahoy*
- Í** Mahabang **í** gaya ng **i** ng **ibon** at *dila*
- Ú** Mahabang **ú** gaya ng **u** ng **ulo** at *puso*
- J** Gaya ng **j** ng **jack** at hindi gaya **j** ng *juan*
- F** Gaya ng **f** ng **fan** at hindi gaya ng **p**
- Z** Gaya ng **z** ng **zoo** at hindi gaya ng **s**
- Th** Gaya ng **th** ng **thin** at hindi gaya ng **t**
o **s**
- Dh** Gaya ng **th** ng **that** at hindi gaya ng **d**
o **z**
- Sh** Gaya ng **sh** ng **ship** at hindi gaya ng **s**
- Kh** Parang pinagsamang **k** at **h**; walang katumbas sa Ingles at Tagalog
- Q** Parang **k** ngunit ang **dila** ay nakaakmang bibigkas ng **g**

- Gh** Parang pinagsamang *g* at *h*; walang katumbas sa Ingles at Tagalog
- H** Parang *h* subalit higit na mariin; walang katumbas sa Ingles at Tagalog
- S** Parang *s* na mariin; walang katumbas sa Ingles at Tagalog
- d** Parang *d* na mariin; walang katumbas sa Ingles at Tagalog
- t** Parang *t* na mariin; walang katumbas sa Ingles at Tagalog
- dh** Parang *dh* na mariin; walang katumbas sa Ingles at Tagalog
- Panugtong ng mga salita. Halimbawa: ang Bismi -lláhi -rrahmáni -rrahhím ay idudugtong ang bigkas: Bismi-lláhi-rrahmáni-rrahhím.
 - Kumakatawan sa *hamzah* na katumbas sa impit na tunog (*glottal stop*) na tulad ng naririnig kapag binigkas ang **i** ng *basain* at ang **a** ng *hiwa*.

- 6 Kumakatawan sa titik na Arabe na ‘*ayn* at kahawig ng impit na tunog o *hamzah* ngunit higit na mariin; walang katumbas sa Ingles at Tagalog
- 7 Ginagamit sa paghiwalay sa magkasunod na titik. Halimbawa: ang **as'har** ay babasahing **as-har** hindi **a-shar**.

Mga Daglat

(SAS): Salla -lláhu ‘Alayhi wa Sallam: Basbasan at pangalagaan siya ni Allah. Sinasabi ito kapag ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) ay binanggit o kapag tinutukoy siya.

(RA): **R**adiya -lláhu ‘Anhu para sa lalaki at **R**adiya -lláhu ‘Anhá para sa babae: Kasiyahan siya ni Allah. Sinasabi ito kapag ang pangalan o ang taguri ng Kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (SAS) ay binanggit.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

كتاب الأذكار

Ang Aklat ng mga Dhikr

Ang Kahalagahan ng Dhikr at Du‘á’¹

Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang; ang pagpapala at pangangalaga ni Allah ay matamo ni Muhammad na Sugo ni Allah at Kahuli-hulihang Propeta.

Nagsabi si Allah (33:41):² **O mga sumampa-lataya, alalahanin ninyo si**

¹ Ang dhikr ay mga katagang ginagamit sa pag-aalaala o paggunita kay Allah at ang du‘á’ ay ang mga panalangin ni Propeta Muhammad (SAS).

Allah nang madalas na pag-aalaala. Sinabi pa Niya (40:60): Duma-langin kayo sa Akin, tutugunin Ko kayo. Nag-sabi naman ang Propeta (SAS): *Ang paghaha-lintulad sa umaalaala sa Panginoon niya at sa hindi umaalaala sa Panginoon niya ay katu-lad ng buhay at patay.*

² Ang mga talata ng Qur'an o ang mga Hadith na sinipi rito ay salin mula sa wikang Arabe—ayon sa kakayahan ng tagapagsalin—ng kahulugan ng Salita ni Allah, o ng salita ni Propeta Muhammad (SAS).

أذكار الصباح والمساء

Mga Dhikr sa Umaga at Gabi

Panalangin Pagkagising

دعاء الاستيقاظ من النوم: الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي
عَافَانِي فِي بَدَنِي، وَرَدَّ عَلَيَّ رُوحِي، وَأَذِنَ لِي
بِذِكْرِهِ.

Alhamdu lilláhi -lladhí ‘áfání fí badaní, wa radda ‘alayya rúhí, wa adhina lí bidhikrihi.

Ang papuri ay ukol kay Allah na nangalaga sa akin sa katawan ko at nagsauli sa akin ng kaluluwa ko at

nagpahintulot sa akin sa pag-gunita sa Kanya.

كان رسول الله ﷺ يعلم أصحابه يقول: إذا أصبح أحدكم فليقل: **اللَّهُمَّ بِكَ أَصْبَحْنَا وَبِكَ أَمْسَيْنَا وَبِكَ نَحْيَا وَبِكَ نَمُوتُ وَإِلَيْكَ النُّشُورُ**. وإذا أمسى فليقل: **اللَّهُمَّ بِكَ أَمْسَيْنَا وَبِكَ أَصْبَحْنَا وَبِكَ نَحْيَا وَبِكَ نَمُوتُ وَإِلَيْكَ الْمَصِيرُ**.

Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagtuturo noon sa mga Kasamahan niya (RA) [ng panalangin]. Sinasabi niya: ***Kapag umabot sa umaga ang sinuman sa inyo ay magsabi siya:***

Alláhumma bika aṣḃahná, wa bika amsayná, wa bika nahyá, wa bika namút, wa ilayka -nnushúr.

O Allah, sa pamamagitan Mo ay inumaga kami, sa pamamagitan Mo ay ginabi kami, sa pamamagitan Mo ay nabubuhay kami, sa pamamagitan Mo ay mamamatay kami, at patungo sa Iyo ang Pagkabuhay.

Kapag umabot sa gabi ay magsabi siya:

Alláhumma bika amsayná, wa bika aṣḃahná, wa bika nahyá, wa bika namút, wa ilayka -nnushúr.

O Allah, sa pamamagitan Mo ay ginabi kami, sa pamamagitan Mo ay inumaga kami, sa pamamagitan

Mo ay nabubuhay kami, sa pamamagitan Mo ay mamamatay kami, at patungo sa Iyo ang Pagkabuhay.

قال ﷺ : سيد الاستغفار أن يقول: اللَّهُمَّ أَنْتَ رَبِّي،
لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ خَلَقْتَنِي وَأَنَا عَبْدُكَ، وَأَنَا عَلَى
عَهْدِكَ وَوَعْدِكَ مَا أُسْتَطَعْتُ، أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ
مَا صَنَعْتُ، أَبوءُ لَكَ بِنِعْمَتِكَ عَلَيَّ وَأَبوءُ بِذَنْبِي
فَاغْفِرْ لِي، فَإِنَّهُ لَا يَغْفِرُ الذُّنُوبَ إِلَّا أَنْتَ. قال:

ومن قالها في النهار موقنا بها فمات من يومه قبل أن يمسي
فهو من أهل الجنة، ومن قالها في الليل وهو موقن بها
فمات قبل أن يصبح فهو من أهل الجنة.

Nagsabi ang Sugo (SAS): *Ang pangunahing du‘á’ sa paghingi ng tawad ay na sabihin mo:*

Alláhumma anta rabbí, lá iláha illá anta, khalaqtaní wa aná ‘abduka, wa aná ‘alá ‘ahdika wa wa‘dika ma - stata‘tu, a‘údhú bika min sharri má şana‘tu, abú’u laka bini‘matika ‘alayya, wa abú’u laka bidhambí, fa-ghfir lí fa’innahú lá yaghfiru -dhdhunúba illá anta.

O Allah, Ikaw ang Panginoon ko. Walang Diyos kundi Ikaw. Nilikha Mo ako at ako ay alipin Mo. Ako ay nasa ilalim ng kasunduan sa Iyo at pangako sa Iyo hanggang sa abot ng makakaya ko. Nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa masama sa

nagawa ko. Kinikilala ko sa Iyo ang biyaya Mo sa akin. Kinikilala ko sa Iyo ang kasalanan ko kaya patawarin Mo ako sapagkat walang nagpapatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw.

Nagsabi pa siya: Ang sinumang magsabi nito sa maghapon na nakatitiyak dito at namatay sa araw ring iyon bago gumabi, siya ay magiging sa mga titira sa Paraiso. Ang sinumang magsabi nito sa gabi na nakatitiyak dito at namatay bago nagumaga, siya ay magiging kabilang sa mga titira sa Paraiso.

قال ﷺ : قل هو الله أحد والمعوذتين حين تمسي
و حين تصبح ثلاث مرات تكفيك من كل شيء.

Nagsabi ang Sugo (SAS): *Sabihin mo ang qul huwalláhu ahad at ang mu‘awwidhatán³ kapag gumagabi at kapag nag-uumaga nang tigtatatlong ulit, makasasapat sa iyo ang mga ito laban sa bawat masama.*

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ، قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ [١] اللَّهُ
الصَّمَدُ [٢] لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ [٣] وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا
أَحَدٌ [٤]

³ Ang ika-113 at 114 kabanata ng Qur'an.

Bismi -lláhi -rrahmání -rrahím
¹Qul huwa -lláhu ahad, ²alláhu -
ssamad, ³lam yalid wa lam yúlad,
⁴wa lam yakul lahú kufuwan ahad.

Sa ngalan ni Allah, ang
Napakamaawain, ang
Pinakamaawain. ¹Sabihin mo: “Siya, si
Allah, ay Iisa. ²Si Allah ay ang
Dulugan sa pangangaila-ngan. ³Hindi
Siya nagkaanak at hindi Siya ipina-
nganak, ⁴at walang isa na sa Kanya ay
naging kapantay.”

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ، قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ
الْفَلَقِ [١] مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ [٢] وَمِنْ شَرِّ غَاسِقٍ
إِذَا وَقَبَ [٣] وَمِنْ شَرِّ النَّفَّاثَاتِ فِي الْعُقَدِ [٤]
وَمِنْ شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ [٥]

**Bismi -lláhi -rrahmáni -rrahhím ¹Qul
a‘údhu birabbi -lfalaq, ²min sharri
má khalaq, ³wa min sharri ghásiqin
idhá waqab, ⁴wa min sharri -
nnafátháti fi -l‘uqad, ⁵wa min
sharri hásidin idhá hasad.**

Sa ngalan ni Allah, ang
Napakamaawain, ang
Pinakamaawain. ¹Sabihin mo:

“Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng
bukang-liwayway, ²laban sa kasamaan
ng anumang nilikha Niya, ³at laban sa
kasamaan ng madilim na gabi kapag
bumalot ito, ⁴at laban sa kasamaan ng
mga manggagaway na palaihip sa mga
buhol, ⁵at laban sa kasamaan ng
naiinggit kapag naiinggit ito.”

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ، قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ
[١] مَلِكِ النَّاسِ [٢] إِلَهِ النَّاسِ [٣] مِنْ شَرِّ
الْوَسْوَاسِ الْخَنَّاسِ [٤] الَّذِي يُوَسْوِسُ فِي
صُدُورِ النَّاسِ [٥] مِنَ الْجِنَّةِ وَالنَّاسِ [٦]

**Bismi -lláhi -rrahmání -rrahím ¹Qul
a‘údhū birabbi -nnás, ²maliki -nnás,
³iláhi -nnás, ⁴min sharri -lwaswási -
lkhannás, ⁵alladhí yuwaswisu fí ṣudúr
-nnás, ⁶mina -ljinnati wa -nnás.**

Sa ngalan ni Allah, ang
Napakamaawain, ang
Pinakamaawain. ¹Sabihin mo:
“Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng
mga tao, ²ang Hari ng mga tao, ³ang
Diyos ng mga tao, ⁴laban sa kasamaan

ng bumubulong na palaurong⁴ — ⁵ na bumubu-long sa mga dibdib ng mga tao — ⁶ na kabilang sa mga jinn at mga tao.”

قال ﷺ: ما من عبد يقول في صباح كل يوم، أو مساء كل ليلة: بِسْمِ اللَّهِ الَّذِي لَا يَضُرُّ مَعَ اسْمِهِ شَيْءٌ فِي الْأَرْضِ وَلَا فِي السَّمَاءِ وَهُوَ السَّمِيعُ الْعَلِيمُ، ثلاث مرات، فيضره شيء.

Nagsabi ang Sugo (SAS): *Walang lingkod [ni Allah] na nagsasabi sa umaga ng bawat araw o sa gabi ng bawat gabi ng ganito:*

⁴ O palakubli.

Bismi -lláhi -lladhí lá yadurru ma‘a
-smihi shay’un fí -l’ardi wa lá fí -
ssamá’i, wa huwa -ssamí‘u l‘alím.

(Tatlong ulit)

*Sa ngalan ni Allah na walang
makapipinsala sa pangalan Niya na
anumang bagay sa lupa ni sa langit
at Siya ay ang Nakaririnig, ang
Nakaaalam.*

قال ﷺ : من قال: لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ
لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ
قَدِيرٌ، فِي يَوْمٍ مِائَةِ مَرَّةٍ، كَانَتْ لَهُ عِدْلُ عَشْرِ رِقَابٍ
وَكُتِبَتْ لَهُ مِائَةُ حَسَنَةٍ وَمَحِيَتْ عَنْهُ مِائَةُ سَيِّئَةٍ، وَكَانَتْ

له حرزًا من الشيطان يومه ذلك حتى يمسي، ولم يأت أحد بأفضل مما جاء به إلا أحد عمل أكثر من ذلك، ومن قال: **سُبْحَانَ اللَّهِ وَبِحَمْدِهِ** في يوم مائة مرة حطت خطاياهُ ولو كانت مثل زبد البحر.

Nagsabi ang Sugo (SAS): *Ang sinumang mag-sabi ng:*

Lá iláha illa -lláhu waḥdahu lá sharíka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamd, wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír.

Walang Diyos kundi si Alláh: tanging Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang

papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.

nang isandaang ulit sa isang araw ay mag-kakamit siya ng katumbas sa gantimpala ng pagpapalaya ng sampung alipin⁵ at magsusulat [sa talaan ng mga gawa niya] ng isandaang mabuting gawa at magpapawi ng isandaang masamang gawa. Magkakaroon siya ng panang-galang laban sa Demonyo sa araw na iyon hanggang sa gumabi. Walang isa mang maka-gagawa ng higit na mainam pa sa ginawa niya kundi ang bumigkas nang higit pa sa kanya. Ang sinumang magsabi ng:

⁵ Malaki ang gantimpala ni Allah sa pagpapalaya ng alipin.

Subhána -lláhi wa bihamdihi.

*Kaluwalhatian kay Alláh at kalakip
ng papuri sa Kanya.*

***nang isandaang ulit sa isang araw,
pababa-bain ang mga kamalian
niya, kahit pa man kasindami ng
bula ng dagat.”***

قال ﷺ : من صلى علي حين يصبح عشراً وحين

يمسي عشراً، أدركته شفاعتي يوم القيامة.

Nagsabi ang Sugo (SAS): ***Ang
sinumang manalangin para sa akin
nang sampung ulit kapag nag-umaga
at nang sampung ulit kapag gumabi
maaabot siya ang Pamamagitan ko sa
araw ng Muling Pagkabuhay.***

Ang Panalangin Para sa Propeta (SAS)

Alláhumma salli ‘alá muhammadin wa ‘alá áli Muhammad, kamá sallayta ‘alá ibráhíma wa ‘alá áli ibráhím, innaka hamídum majíd. Alláhumma bárik ‘alá muhammadin wa ‘alá áli muhammad, kamá bárakta ‘alá ibráhím wa ‘alá áli ibráhím, innaka hamídum majíd.

O Allah, basbasan Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagbasbas Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. O Allah, pagpalain Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa mag-

anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati.

قال ﷺ : من قرأ آية الكرسي دبر كل صلاة مكتوبة لم يمنعه من دخول الجنة إلا أن يموت.

Nagsabi ang Sugo (SAS): *Ang sinumang bumigkas ng Áyatulkursí matapos ang bawat saláh na isinatungkulin, walang nakapipigil sa kanya upang makapasok sa paraiso kundi ang hindi niya pagkamatay.*

Ang Áyatul Kursí

[اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّومُ لَا تَأْخُذُهُ سِنَّةٌ

وَلَا نَوْمٌ لَهُ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ مَنْ ذَا

الَّذِي يَشْفَعُ عِنْدَهُ إِلَّا بِإِذْنِهِ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا
خَلْفَهُمْ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيْءٍ مِّنْ عِلْمِهِ إِلَّا بِمَا شَاءَ
وَسِعَ كُرْسِيُّهُ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ وَلَا يَئُودُهُ
حِفْظُهُمَا وَهُوَ الْعَلِيُّ الْعَظِيمُ

Alláhu lá iláha illá huwa -lhayyu -
lqayyúm, lá ta'khudhuhú sinatuw wa
lá nawm, lahú má fi -ssamáwáti wa
má fi -l'ard; man dhá -lladhí
yashfa'u 'indahú illá bi'idhnih,
ya'lamu má bayna aydíhim wa má
khalifahum: wa lá yuhítúna bishay'im
min 'ilmihí illá bimá shá', wasi'a
kursiyuhu -ssamáwáti wa -l'ard: wa lá
ya'úduhú hifdhuhumá, wa huwa -
l'alíyu -l'dhím.

Si Allah, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Tagapagpanatili. Hindi Siya nadadala ng antok ni ng pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino *kaya* itong makapamamagitan sa Kanya kung walang kalakip na pahintulot Niya? Nalalaman Niya ang hinaharap nila at ang nakaraan nila. Hindi sila makasasaklaw sa anuman mula sa kaalaman Niya maliban sa anumang niloob Niya. Nasakop ng luklukan Niya ang mga langit at ang lupa. Hindi naka-bibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Sukdulan.

عن عقبه بن عامر رضي الله عنه، قال: أمرني رسول الله ﷺ أن أقرأ المعوذات دبر كل صلاة.

Ayon sa sinabi ni ‘Uqbah ibnu ‘Ámir (RA): “Inatasan ako ng Sugo ni Allah (SAS) na bigkasin ko ang mga *mu‘awwidhah* (ang ika-112, 113, 114 Súrah) matapos ang bawat *ṣalah*.”

قال ﷺ: يا معاذ إني والله لأحبك، فلا تدعن في دبر كل صلاة أن تقول: أَللَّهُمَّ أَعِنِّي عَلَى ذِكْرِكَ وَشُكْرِكَ وَحُسْنِ عِبَادَتِكَ.

Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *O Mu‘ádh, tunay na ako, sumpa man kay Allah, ay totoong nagmamahal*

sa iyo; kaya huwag mo ngang kaligtaang sa tuwing pagkatapos ng saláh na magsabi ng:

Alláhumma a‘inní ‘alá dhikrika wa shukrika wa husni ‘ibádatik.

O Allah, tulungan Mo ako sa pag-aalaala sa Iyo, pagpapasalamat sa Iyo, at pagpapahu-say sa pagsamba sa Iyo.

Du‘á’ Bago Pumasok sa Palikuran

دعاء الدخول إلى الخلاء: بِسْمِ اللَّهِ، اللَّهُمَّ إِنِّي
أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْخُبْثِ وَالْخَبَائِثِ.

Bismi -lláh. Alláhumma inní a‘údhu bika mina -lkhubthi wa -lkhábá’ith.

Sa ngalan ni Allah. O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga lalaking demonyo at mga babaing demonyo.

Du á' Pagkalabas sa Palikuran

دعاء الخروج من الخلاء: غُفْرَانَكَ.

Ghufrának.

[Hinihingi ko] ang kapatawaran Mo.

Dhikr Bago Magsagawa ng Wudú'

الذكر قبل الوضوء: بِسْمِ اللّٰهِ.

Bismilláh.

Sa ngalan ni Allah.

Dhikr Matapos Magsagawa ng Wudú'

الذكر بعد الوضوء: أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ،
وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ
وَرَسُولُهُ؛ اَللّٰهُمَّ اجْعَلْنِي مِنَ التَّوَابِيْنَ وَاجْعَلْنِي
مِنَ الْمُتَطَهِّرِيْنَ.

Ashhadu an lá iláha illa -lláh,
wahdahu lá sharíka lah, wa ashhadu
anna muhammadan ‘abduhu wa
rasúluh. Alláhumma -j‘alní mina

-ttawwábína, wa -j‘alní mina -
lmutatahhirín.

*Sumasaksi ako na walang Diyos kundi
si Allah: tanging Siya, wala Siyang
katambal; at suma-saksi rin ako na
si Muhammad ay Lingkod Niya at
Sugo Niya. O Allah, gawin Mo ako
na kabilang sa mga palabalik-loob
at gawin Mo ako na kabilang sa
mga nagpapakalinis.*

Dhikr Kapag Lalabas sa Bahay

الذکر عند الخروج من المنزل: بِسْمِ اللّٰهِ، تَوَكَّلْتُ
عَلَى اللّٰهِ، وَلَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللّٰهِ.

Bismi -lláh, tawakkaltu ‘ala -lláh, wa
lá hawla wa lá qúwata illá bi-lláh.

Sa ngalan ni Allah; nanalig ako kay Allah, at walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah.

Dhikr Kapag Papasok sa Bahay

الذكر عند دخول المنزل: بِسْمِ اللَّهِ وَجُنَا، وَبِسْمِ
اللَّهِ خَرَجْنَا، وَعَلَى رَبَّنَا تَوَكَّلْنَا.

Bismi -lláhi walajná, wa bismi -lláhi
kharajná, wa ‘alá rabbiná
tawakkalná.

*Sa ngalan ni Allah ay pumasok tayo;
sa ngalan ni Allah ay lumabas
tayo; at sa Panginoon natin ay
nanalig tayo.*

Dhikr Kapag Papasok sa Masjid

الذكر عند دخول المسجد: بِسْمِ اللَّهِ، وَالصَّلَاةُ
وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللَّهِ، اَللَّهُمَّ افْتَحْ لِي أَبْوَابَ
رَحْمَتِكَ.

Bismi -lláh, wa -ssalátu wa -ssalámu
'alá rasúli -lláh. Alláhumma -ftah lí
abwába rahmatik.

*Sa ngalan ni Allah; ang basbas at ang
panga-ngalaga ay sa Sugo ni Allah.
O Allah, buksan Mo para sa akin
ang mga pinto ng awa Mo.*

Dhikr Kapag Lalabas sa Masjid

دعاء الخروج من المسجد: بِسْمِ اللَّهِ، وَالصَّلَاةُ
وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللَّهِ، اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ
مِنْ فَضْلِكَ، اللَّهُمَّ اعْصِمْنِي مِنَ الشَّيْطَانِ.

Bismi -lláh, wa -ssalátu wa -ssalámu
'alá rasúli -lláh, Alláhumma inní
as'aluka min fadlik. Alláhumma -
'simní mina -shshaytáni -rrajím.

*Sa ngalan ni Allah, ang basbas at ang
panga-ngalaga ay sa Sugo ni Allah. O
Allah, tunay na ako ay humihingi sa
Iyo ng bahagi ng kaganda-hang-loob
Mo. O Allah, pangalagaan Mo ako
laban sa Demonyo, ang isinumpa.*

Dhikr Kapag Narinig ang Adhán

الذكر عند سماع الأذان: يقول مثل ما يقول المؤذن،
إِلا فِي حَيِّ عَلَى الصَّلَاةِ، حَيِّ عَلَى الْفَلَاحِ، فيبدلها
بِلا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلا بِاللَّهِ؛ ثم يصلي على النبي
بعد فراغه من إجابة المؤذن ثم يقول: صَلِّ عَلَى نَبِيِّكَ مُحَمَّدًا اللَّهُمَّ رَبَّ
هَذِهِ الدَّعْوَةِ التَّامَّةِ وَالصَّلَاةِ الْقَائِمَةِ، آتِ مُحَمَّدًا
الْوَسِيلَةَ وَالْفَضِيلَةَ، وَأَبْعَثْهُ مَقَامًا مَحْمُودًا الَّذِي
وَعَدْتَهُ. [إِنَّكَ لَا تُخْلِفُ الْمِيعَادَ.]

Sasabihin ang tulad sa sinasabi ng *mu'adhdhin* maliban sa:

Hayya ‘ala -ssaláh at hayya ‘ala -lfaláh.

Halina sa saláh at halina sa tagumpay.

sapagkat papalitan ito ng:

Lá hawla wa lá qúwata illá bi-lláh.

Walang kapangyarihan ni lakas kundi sa pamamagitan ni Allah.

Pagkatapos ay manalangin para sa Propeta (SAS) pagkaraang natapos tugunin ang *mu’adhdhin*. Pagkatapos ay sabihin naman ang sumusunod:

Alláhumma rabba hádhihi -dda‘wati -ttámmati wa -ssaláti -lqá’imah, áti muhammadani -lwasílata wa -lfadílah, wab‘athhu maqámam mahmúdani -lladhí wa‘attahu, [innaka lá tukhlifu -lmí‘ád.]

O Allah, Panginoon nitong ganap na pana-wagan at ng ṣaláh na isasagawa, ibigay Mo kay Muhammad ang kaparaanan at ang kala-mangan at ibangon Mo siya sa katayuang pupurihin, na ipinangako Mo. [Tunay na Ikaw ay hindi sumisira sa naipangako.]

Mga Dhikr Bago Matulog

أذكار النوم: قال ﷺ: إذا أويت إلى فراشك فاقرأ آية الكرسي فإنه لن يزال عليك من الله حافظاً ولا يقربنك شيطان حتى تصبح.

Nagsabi ang Sugo (SAS): *Kapag matutulog ka na sa higaan mo ay bigkasin mo ang Áyatul-kursí*

sapagkat hindi maaalis sa iyo mula kay ang isang [anghel na] tagapangalaga at hindi ka nga malalapitan ng demonyo hanggang sa mag-umaga.

وعن عائشة رضي الله عنها أن النبي ﷺ : كان إذا
أوى إلى فراشه كل ليلة جمع كفيه ثم نفث فيهما
فقرأ قل هو الله أحد و قل أعوذ برب الفلق و قل
أعوذ برب الناس ثم مسح بهما ما استطاع من
جسده، يبدأ بهما على رأسه ووجهه وما أقبل من
جسده، يفعل ذلك ثلاث مرات.

Ayon kay ‘Á’ishah (RA): “Ang Propeta (SAS), kapag matutulog siya sa higaan niya, ay ipinag-tatabi niya

ang mga palad niya, pagkatapos ay hinihipan niya ang mga ito at saka binibigkas ang *qul huwa -lláhu ahad*, ang *qul a'údhu birabbi -lfalaq* at ang *qul a'údhu birabbi -nnás*. Pagkata-pos ay ipinanghahaplos niya ang mga palad, sa abot ng makakaya niya, sa bahagi ng katawan niya. Nagsisimula siya sa ulo niya, mukha niya, at bahaging harapan ng katawan niya. Ginagawa niya iyon nang tatlong ulit.”

Du‘á’ Bago Matulog

قال ﷺ : إذا أوى أحدكم إلى فراشه فلينفذ

فراشه بداخلة إزاره، فإنه لا يدري ما خلفه عليه،

ثم يقول: بِاسْمِكَ اللَّهُمَّ وَضَعْتُ جَنْبِي
وَبِاسْمِكَ أَرْفَعُهُ، إِنَّ أَمْسَكَتَ نَفْسِي فَارْحَمَهَا
وَإِنْ أَرْسَلْتَهَا فَاحْفَظْهَا بِمَا تَحْفَظُ بِهِ عِبَادَكَ
الصَّالِحِينَ.

Nagsabi ang Sugo (SAS): *Kapag matutulog ang sinuman sa inyo sa higaan niya, pagpagin niya ang higaan niya ng kumot niya sapagkat hindi niya nalalaman kung ano ang naiwan niya rito. Pagkatapos ay magsabi siya:*

Bismika -lláhumma wada‘tu jambí,
wa bika arfa‘uhu, fa’in amsakta
nafsí fa-rḥamhá, wa in arsaltahá fa-

hfadhhá bimá tahfadhu bihi ‘ibádiká
-ssálihín.

Sa ngalan Mo, o Allah, ay inilalapag ko ang tagiliran ko, at sa Iyo ay inaangat ko ito. Kaya kung kukunin Mo ang kaluluwa ko ay kaawaan Mo ito, at kung pabalikin Mo ito ay pangalagaan Mo ito sa pamamagitan ng ipinangangalaga Mo sa mga lingkod Mong matutuwid.

Du‘á’ Kapag May Napanaginipan

الدعاء لمن رأى رؤيا: الرؤيا الصالحة من الله،
والحلم من الشيطان، فإذا رأى أحدكم ما يجب فلا

يحدث به إلا من يحب. وإذا رأى ما يكره فلينفث
عن يساره ثلاثا ويستعيز بالله من الشيطان
ويتحول عن جنبه الذي كان عليه، ولا يحدث بها
أحدا.

Nagsabi ang Sugo (SAS): *Ang mabuting panaginip ay mula kay Allah at ang masamang panaginip ay mula sa Demonyo. Kaya kapag nanaginip ang sinuman sa inyo ng naiibigan niya ay huwag niyang ipagsabi ito kung hindi sa [taong] naiibigan niya. Kapag nanaginip siya ng kinasusuklaman niya ay bubuga siya sa kaliwa niya nang tatlong ulit, magpapakupkop siya kay Allah laban sa Demonyo, papalitan niya*

ang tagilirang dating ipinanghihiga niya, at hindi niya ipagsasabi ito sa kanino man.

Magpakupkop kay Allah laban sa masamang panaginip sa pamamagitan ng pagsambit nito:

أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيمِ، وَمِنْ شَرِّ مَا رَأَيْتُ .

A‘údhū bi-lláhi mina -shshaytáni -rrajím, wa min sharri má ra’aytu.

Nagpapakupkop ako kay Allah laban sa Demonyong isinumpa at laban sa [masamang] napanaginipan ko.

Du‘á’ Bago Kumain

الدعاء قبل الأكل: قال ﷺ: إذا أكل أحدكم طعاما فليقل: بِسْمِ اللَّهِ؛ فَإِنْ نَسِيَ فِي أَوَّلِهِ فَلْيَقُلْ: بِسْمِ اللَّهِ فِي أَوَّلِهِ وَآخِرِهِ.

Nagsabi ang Sugo (SAS): *Kapag kakain ang isa sa inyo ng pagkain ay magsabi siya ng:*

Bismi -lláh

Sa ngalan ni Allah

ngunit kung nakalimutan sa simula ay sabihin:

Bismi -lláhi fī awwalihi wa ákhirih

Sa ngalan ni Allah, sa simula at sa katapusan.

Du‘á’ Matapos Kumain

وَإِذَا فَرَغَ مِنَ الطَّعَامِ فَلْيَقُلْ: الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي
أَطْعَمَنِي هَذَا، وَرَزَقَنِيهِ مِنْ غَيْرِ حَوْلٍ مِنِّي وَلَا
قُوَّةَ.

Alhamdu lilláhi -lladhí at‘amaní
hádhá, wa razaqaníhi min ghayri
hawlim minní wa lá qúwah.

*Ang papuri ay ukol kay Allah na
nagpakain sa akin nito at nagkaloob sa
akin nito nang walang kapangyarihan
mula sa akin ni lakas.*

Du‘á’ Bago Magsagawa ng Iftár

الدعاء عند إفتار الصائم: ذَهَبَ الظَّمُّ، وَابْتَلَّتِ
العُرُوقُ وَثَبَّتَ الأَجْرُ إِنْ شَاءَ اللهُ.

Dhahaba -dhdhama'u wa -btallati
-l'urúqu wa thabata -l'ajru in shá'a
-lláh.

*Lumisan ang uhaw, nabasa ang mga
ugat at natiyak ang gantimpala, kung
niloob ni Allah.*

Du'á' Kapag Bumahin o May Bumahin

الدعاء عند العطاس: قال ﷺ: إذا عطس أحدكم

فليقل: أَلْحَمْدُ لِلَّهِ ، وليقل له أخوه، أو صاحبه:

يَرْحَمُكَ اللهُ، فإذا قال له يَرْحَمُكَ اللهُ، فليقل:

يَهْدِيكُمْ اللهُ وَيُصْلِحُ بِالْكُم.

Nagsabi ang Sugo (SAS): ***Kapag bumahin ang isa sa inyo ay magsabi siya ng:***

Alhamdu lilláh

Ang papuri ay ukol kay Allah

Magsabi naman ang kapatid niya [sa Islam] o ang kasama niya ng:

Yarhamuka -lláh

Kaawaan ka ni Allah

at kapag nagsabi sa kanya ng yarhamuka -lláh ay magsabi naman siya rito ng:

Yahdíkumu -lláh wa yuslihu
bálakum

Patnubayan kayo ni Allah at pabutihin nawa Niya ang kalagayan ninyo.

Du‘á’ Para sa May-sakit

الدعاء للمريض: كان النبي ﷺ : إذا دخل على مريض يعودُه قال له: لا بأسَ طهورٌ إن شاء اللهُ.

Ang Propeta (SAS), kapag nagpupunta siya noon sa isang may-sakit upang dalawin iyon, ay nagsasabi siya roon ng:

Lá ba’sa tahúrun in shá’a -lláh.

Walang kapinsalaan, [ang sakit ay] panlinis [sa kasalanan] kung loloobin ni Allah.

Du‘á’ ng Dinapuan ng Kasawiang- palad

دعاء من أصيب بمصيبة: إِنَّا لِلَّهِ وَإِنَّا إِلَيْهِ رَاجِعُونَ، اللَّهُمَّ أَجْرِي فِي مُصِيبَتِي وَاخْلُفْ لِي

خَيْرًا مِنْهَا.

Inna lilláhi wa inná ilayhi ráji‘ún,
Alláhumma ’jurní fī muṣíbatí akhlif
lí khyam minhá.

*Tunay na tayo ay kay Allah at tunay
na tayo ay sa Kanya magbabalik. O
Allah, gantimpa-laan Mo ako dahil
sa kasawian ko at palitan Mo ako ng
mainam kaysa rito.*

Du‘á’ Kapag Nakarinig ng Kulog

الدعاء عند سماع الرعد: سُبْحَانَ الَّذِي يُسَبِّحُ

الرَّعْدُ بِحَمْدِهِ وَالْمَلَائِكَةُ مِنْ خِيفَتِهِ.

Subhána -lladhí yusabbihu -rra‘du
bihamdihi wa -lmalá‘ikatu min
khífatihí.

*Kaluwalhatian sa Kanya na
niluluwalhati ng kulog kalakip ng
papuri sa Kanya at ng mga anghel
dahil sa pangamba sa Kanya.*

Du‘á’ Kapag Bumuhos ang Ulan

الدعاء عند نزول المطر: اللَّهُمَّ صَيِّبًا نَافِعًا.

Alláhumma sayyiban náfi‘á.

*O Allah, [gawin Mo ito na] isang
ulan na napakikinabangan.*

Du‘á’ Para sa Bagong Kasal

الدعاء للمتزوجين: بَارَكَ اللهُ لَكَ، وَبَارَكَ
عَلَيْكَ، وَجَمَعَ بَيْنَكُمَا فِي خَيْرٍ.

Báraka -lláhu laka, wa báraka
'alayka, wa jama'a baynakumá fī
khayr.

*Pagpalain ka nawa ni Allah,
panatilihin nawa Niya sa iyo ang
pagpapala, at pagsamahin nawa
Niya kayo sa kabutihan.*

Du‘á’ Bago Magtalik

الدعاء قبل الجماع: بِسْمِ اللهِ، اَللّٰهُمَّ جَنِّبْنَا
الشَّيْطَانَ وَجَنِّبِ الشَّيْطَانَ مَا رَزَقْتَنَا.

Bismi -lláh. Alláhumma jannibna
-shshaytána wa jannibi -shshaytána
má razaqtaná.

*Sa ngalan ni Allah. O Allah, ilayo Mo
sa amin ang Demonyo at ilayo Mo
ang Demonyo sa [anak na]
ipinagkaloob Mo sa amin.*

Du‘á’ Pagkatapos Magtipon

كفارة المجلس: سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ وَبِحَمْدِكَ،
أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ، أَسْتَغْفِرُكَ وَأَتُوبُ
إِلَيْكَ.

Subhánaka -lláhumma wa bihamdika,
ashhadu al lá iláha illá anta,
astaghfiruka wa atúbu ilayk.

*Kaluwalhatian sa Iyo, o Allah, at
kalakip ng papuri sa Iyo. Sumasaksi
ako na walang Diyos kundi Ikaw.
Humihingi ako ng tawad sa Iyo at
nagbabalik-loob ako sa Iyo.*

Du‘á’ Kapag Nakasakay sa Sasakyan

دعاء الركوب: بِسْمِ اللَّهِ، الْحَمْدُ لِلَّهِ؛ سُبْحَانَ الَّذِي
سَخَّرَ لَنَا هَذَا وَمَا كُنَّا لَهُ مُقْرِنِينَ، وَإِنَّا إِلَى رَبِّنَا
لَمُنْقَلِبُونَ.

Bismi -lláhi, alḥamdu lilláh;
subḥána -lladhí sakhkhara laná
hádhá, wa má kunná lahú muqrínin,
wa inná ilá rabbiná lamunqalibún.

Sa ngalan ni Allah, ang papuri ay ukol kay Allah. Kaluwalhatian sa Kanya na nagpa-sunud-sunuran para sa atin nito at tayo rito ay hindi sana makakakaya.

Du‘á’ Habang Naglalakbay

دعاء السفر: اللهُ أَكْبَرُ، اللهُ أَكْبَرُ، اللهُ أَكْبَرُ، سُبْحَانَ

الَّذِي سَخَّرَ لَنَا هَذَا وَمَا كُنَّا لَهُ مُقْرِنِينَ، وَإِنَّا إِلَى

رَبِّنَا لَمُنْقَلِبُونَ، اَللّٰهُمَّ إِنَّا نَسْأَلُكَ فِي سَفَرِنَا هَذَا الْبِرِّ

وَالتَّقْوَى وَمِنَ الْعَمَلِ مَا تَرْضَى، اَللّٰهُمَّ هَوِّنْ عَلَيْنَا

سَفَرْنَا هَذَا وَاطْوِ عَنَّا بُعْدَهُ، اَللّٰهُمَّ اَنْتَ الصّٰحِبُ
فِي السَّفَرِ وَالخَلِيْفَةُ فِي الْاَهْلِ، اَللّٰهُمَّ اِنِّيْ اَعُوْذُ بِكَ
مِنْ وَعَثَاءِ السَّفَرِ، وَكَآبَةِ الْمَنْظَرِ وَسُوْءِ
الْمُنْقَلَبِ فِي السَّمَالِ وَالْاَهْلِ، وَاِذَا رَجَعَ قَاهِن
وَزَادَ فِيْهِنَّ: اَيُّوْنَ، تَائِبُوْنَ، عَابِدُوْنَ، لِرَبِّنَا
حَامِدُوْنَ.

Alláhu akbar, alláhu akbar, alláhu akbar; subhána -lladhí sakhkhara laná hádhá, wa má kunná lahu muqrinín, wa inná ilá rabbiná lamunqalibún; Alláhumma inná nas'aluka fí safariná hádha -lbirra wa -ttaqwá wa mina -l'amali má

tardá. Alláhumma hawwin ‘alayná safaraná hádhá, wa -ṭwi ‘anná bu‘dah; Alláhumma anta -ssáhibu fi -ssafar, wa -lkhalífatu fi -l’ahli; Alláhumma inní a‘údhū bika min wa‘thá’i -ssafar, wa ka‘ábatī -lmandḥar, wa sú’i -lmunqalabī fi -lmáli wa -l’ahli.

*Si Allah ay pinakadakila, si Allah ay pinaka-dakila, si Allah ay pinakadakila. **Kaluwalha-tian sa Kanya na nagpasunud-sunuran para sa atin nito at tayo rito ay hindi sana maka-kakaya. Tunay na tayo sa Panginoon natin ay talagang magbabalikan. O Allah, tunay na kami ay humihiling sa Iyo sa paglalakbay naming ito ng***

kabutihan, pangingilag sa pag-kakasala, at gawang ikasisiya Mo. O Allah, pagaanin Mo sa amin ang paglalakbay naming ito at paiksiin Mo para sa amin ang layo nito. O Allah, Ikaw ang kasama sa paglalakbay at ang pinag-iwanan sa mag-anak. O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa hirap ng paglalakbay, laban sa panglaw ng tanawin, laban sa kasaklapan ng mada-datnan sa ari-arian at mag-anak.

Kapag pauwi na ay sabihin ang nabanggit na panalangin at idagdag ang sumusunod:

Áyibúna, tá'ibúna, 'ábidúna, lirabbiná hámidún. [Tayo ay] mga umuuwi,

na mga nagbabalik-loob, na mga sumasamba, na sa Panginoon natin ay mga nagpupuri.

Du‘á’ sa Pagtigil sa Isang Lugar

دعاء نزول المنزل: أَعُوذُ بِكَلِمَاتِ اللَّهِ التَّامَّاتِ مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ.

A‘údhū bikalimáti -lláhi -ttámmáti min sharri má khalaq.

Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allah laban sa masama sa nilikha Niya.

Du‘á’ sa Namatayan

دعاء التعزية: أَعْظَمَ اللهُ أَجْرَكَ، وَأَحْسَنَ عَزَاءَكَ،
وَعَفَرَ لِمَيِّتِكَ.

A‘dhama -lláhu ajraka, wa ahsana
‘azá’aka, wa ghafara limayyitik.

*Palakihin nawa ni Allah ang
gantimpala sa iyo, pagandahin
nawa Niya ang pag-alo sa iyo, at
patawarin nawa Niya ang patay
mo.*